富邦產險 | 40 ONE

# Dapat Alamin sa Pagmamaneho!

Insurance Protection
Accident Response
Anti-Scam Tips



## Mag-ingat sa Scam!
## Protektahan ang Pinaghirapang Pera

### Insurance Fixer Scam

Nagpapanggap na "tagaproseso ng claim" para makuha ang insurance claim mo.

**Tamang Gawin**

- Kung gusto mong mag-claim ng insurance, diretsong makipag-ugnayan sa insurance company
- Kung hindi ka sigurado, puwedeng tumawag sa 165 (anti-scam) o 110 (pulis)

### Pekeng Aksidente para Makakuha ng Pera

Sinasadyang mabangga, sumisigaw ng "Sinagasaan mo ako!" , tapos hihingi ng bayad at ayaw magpa-report gusto makipag-areglo nang pribado.

**Tamang Hakbang**

- Tumawag agad sa pulis, kumuha ng video o picture bilang ebidensya
- Huwag makipag-areglo agad
- Hintayin ang pulis at tingnan ang CCTV
- Kumuha ng contact info ng pulis

## Naaksidente?
## Huwag Mag-panic! Sundin ang mga Hakbang na Ito

1. **Huminto at Suriin**
   Tingnan ang kondisyon ng tao at sasakyan
2. **Maglagay ng Warning Sign**
   Paalala sa mga sasakyang paparating
3. **Tumawag sa 119**
   Dalhin agad ang nasugatan sa ospital
4. **Tumawag sa 110**
   I-report sa pulis, kumuha ng police report at ebidensya
5. **Kontakin ang Insurance Company**
   Tawagan ang 0800 hotline sa iyong insurance card
6. **Mag-claim sa loob ng 5 Araw**
   Dalhin ang mga sumusunod na dokumento sa kumpanya ng seguro:
   - Police report
   - Vehicle registration ng sasakyan & Lisensya
   - Dokumento ng pagkakakilanlan (ARC o ID)
   - Personal na stamp

**Paalala**

- Kunan ng larawan o video ang pangyayari para sa ebidensya
- Huwag makipag-areglo nang pribado, baka makaapekto ito sa iyong insurance claim

# Ano ang Compulsory Motor Vehicle Liability Insurance?

Ito ay isang uri ng insurance na obligadong kunin ng lahat ng may-ari ng sasakyan at motorsiklo sa Taiwan, ayon sa batas ng gobyerno. Sinasaklaw lamang ang kapinsalaan o pagkamatay ng ibang tao, hindi kasama ang driver o sira ng sariling sasakyan.

## Sino ang Saklaw

- Pasahero ng ating sasakyan
- Driver at pasahero ng kabilang sasakyan
- Mga pedestrian at driver o pasahero ng ibang sasakyan

## Hindi Kasama sa Coverage

Kung ikaw ay nagmo-motor at aksidenteng nadulas o bumangga mag-isa, ang insurance ay hindi sasakop sa driver, kundi sa mga pasahero lang!

## Saklaw ng Insurance

Medical expenses, tulad ng bayad sa appoinment fee, parte ng gastos sa ospital, at pamasahe papunta sa ospital...etc.

## Paalala

Iba-iba ang coverage at rules depende sa insurance company. Bago bumili ng insurance, siguraduhing magtanong nang malinaw tungkol sa mga benepisyo at detalye ng claim upang maprotektahan ang iyong karapatan!

# Huwag Matakot Magtanong, para sa Mas Ligtas na Proteksyon

**Narito ang 5 Mandarin sentences para matulungan kang makipag-usap sa insurance company at maintindihan ang iyong karapatan.**

Ano ang mga saklaw ng aking insurance sa motorsiklo?
請問我的機車保險包含哪些項目？
qǐng wèn wǒ de jī chē bǎo xiǎn bāo hán nǎ xiē xiàng mù

Sa anong mga sitwasyon ako puwedeng mag-claim ng insurance?
遇到什麼狀況，我可以申請理賠？
yù dào shén me zhuàng kuàng wǒ kě yǐ shēnqǐng lǐ péi ?

Anong mga dagdag na insurance ang maaari kong kunin para sa sarili kong proteksyon?
我可以加保哪些保險來保障自己？
wǒ kě yǐ jiā bǎo nǎ xiē bǎo xiǎn lái bǎo zhàng zì jǐ

Pakipaliwanag po ang mga terms ng insurance na ito.
請幫我解釋這些保險條款。
qǐng bāng wǒ jiě shì zhè xiē bǎo xiǎn tiáo kuǎn

Kung magkaroon ng aksidente, ano po ang dapat kong gawin?
如果未來發生車禍，我該怎麼做？
rú guǒ wèi lái fā shēng chē huò wǒ gāi zěn me zuò

